DepEd-Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
RELEASED
BY: No: 417
DATE: 20 MAY 2024 TIME: 4:27

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION V - BICOL
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CATANDUANES

**UNNUMBERED MEMORANDUM**
SGOD-UM 05-17-24/MLMS

| | | |
|---|---|---|
| TO | : | Assistant Schools Division Superintendent<br>Chief Education Supervisor (CID & SGOD)<br>Public Schools District Supervisors<br>Secondary School Heads<br>Other Concerned |
| FROM | : | **SOCORRO V. DELA ROSA, CESO V**<br>Schools Division Superintendent |
| SUBJECT | : | **DISSEMINATION OF ADVISORY NO.117, S.2024 RE: INVITATION FOR COURSE ENROLLMENT AT UNIVERISITY OF THE PHILIPPINRD SY 2025-2026** |
| DATE | : | May 17, 2024 |

1. Attached is Advisory N0. 117, S. 2024, an invitation of the University of the Philippines to Senior High Students.

2. For information.

San Roque, Virac, Catanduanes
(052) 811-40-63
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com
DepEd Tayo-Region V - Catanduanes

CamScanner

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. V
RECEIVED
007742
By: Date: 5/8/24

ADVISORY No. 117 s. 2024
May 8, 2024

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.

**PAANYAYA SA PAGKUHA NG KURSONG BA PHILIPPINE STUDIES SA UNIBERSIDAD NG PILIPINAS PARA SA AKADEMIKONG TAONG 2025-2026**

Inanyayahan ng Unibersidad ng Pilipinas, Diliman ang mga paaralan ng Senior High School na nagbabalak kumuha ng aplikasyon sa kolehiyo na ilahok sa pagpipiliang kurso ang BA Philippine Studies para sa akademikong taong 2025-2026.

Ang BA Philippine Studies (BAPS) ay programa sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Kolehiyo ng Arte at Literatura. Pinalalawak at pinalalalim sa programa ang mga pag-aaral sa kultura at lipunang Pilipino na nakaangkla sa mga usapin sa wika, panitikan, at kasaysayan gamit ang interdisiplinaryong lapit at perspektiba.

Kalakip nito ang sulat galing sa UP Diliman at brochure na nagpapakilala sa nabanggit na programa. Para sa karagdagang kaalaman at gabay hinggil sa aplikasyon sa unibersidad, mangyaring bisitahin ang FB link na: UPCAT – U.P. System.

Para sa inyong kaalaman.

CLMD/mll
5/8/2024

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. V
MAY 06 2024
BY:
TIME: 9:21 a.m.

DEPARTAMENTO NG FILIPINO AT PANITIKAN NG PILIPINAS
Kolehiyo ng Arte at Literatura
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon

6 Mayo 2024

**DIR. GILBERT T. SADSAD**
Direktor Rehiyonal
Departamento ng Edukasyon - Rehiyon V

Mahal na Direktor Sadsad,

Maalab na pagbati!

Malugod naming iniimbitahan ang mga mag-aaral sa inyong nasasaklaw na mga paaralan ng Senior High School sa inyong rehiyon na binabalak kumuha ng aplikasyon sa kolehiyo na ilahok sa pagpipilian ang kursong **BA Philippine Studies** sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman para sa akademikong taong 2025-2026.

Ang BA Philippine Studies (BAPS) ay programa sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Kolehiyo ng Arte at Literatura. Pinalalawak at pinalalalim sa programa ang mga pag-aaral sa kultura at lipunang Pilipino na nakaangkla sa mga usapin sa wika, panitikan, at kasaysayan gamit ang interdisiplinaryong lapit at perspektiba.

Sa kursong ito, may kalayaan ang estudyante sa pagpili ng dalawang disiplina sa loob at labas ng Departamento bilang batayan para sa sariling pananaliksik. Sa ganitong oryentasyong interdisiplinaryo ng programa, malawak din ang posibleng maging trabaho at propesyon ng mga magsisipagtapos nito, gaya sa tinahak ng alumni nito na naging dalubhasa sa iba't ibang larangan kabilang ang pagiging guro, mananaliksik, abogado, manunulat, tagasalin, editor, praktisyoner sa midya; artista at manggagawang pangkultura; tagapamahala ng museo,galeri at aklatan; mambabatas at lingkod-bayan; kawani sa mga non-government organization (NGO); cultural attache at diplomat, at administrador ng mga paaralan, pamantasan at iba pang institusyon.

Kaugnay nito, **hinihiling namin sa inyong tanggapan ang paglalabas ng kaukulang advisory o pabatid sa inyong mga paaralan para sa promosyon ng aming programa.** Lakip sa liham na ito ang kurikulum at brochure na nagpapakilala sa programa na maaari po ninyong ipabatid sa pamamagitan ng inyong bulletin board, memorandum at iba pang plataporma ng diseminasyon para sa interes ng inyong mga mag-aaral.

Para naman sa karagdagang impormasyon at gabay hinggil sa aplikasyon sa Unibersidad ng Pilipinas, mangyaring bisitahin ang FB link na ito: UPCAT - U.P. System.

Nawa'y maging katuwang namin kayo sa promosyon ng aming makabuluhang programa at hangad naming makasama ang inyong mga mag-aaral sa kanilang akademikong paglalakbay sa hinaharap.

Maraming salamat po.

Lubos na sumasainyo,

Prop. Joanne Manzano, PhD
Tagapag-ugnay ng Programa
Larangan ng Philippine Studies
UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas


Binigyang-pansin ni:

Prop. Schedar D. Jocson
Tagapangulo
UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas
Kolehiyo ng Arte at Literatura

Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas
Kolehiyo ng Arte at Literatura
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

## UP College Admission Test (UPCAT) 2025

# Bachelor of Arts Philippine Studies



#UPCAT2025
#PSDaBes

I-scan ang QR code para sa prospektus ng BA Philippine Studies!






## P Departamento ng Filipino t Panitikan ng Pilipinas

inatag ang DFPP noong 1966 bilang apapanahong tugon ng UP sa angangailangang humubog ng ryentasyong maka-Pilipino't makabayan a mga estudyante ng Unibersidad. Para apalawak ang kaalaman at kamalayan g estudyante sa **kultura at lipunang** **ilipino**, naging mga pangunahing layunin g DFPP ang:

- pagpapaunlad ng **wikang Filipino** at mga wika sa Pilipinas;
- pag-aaral at pagsaliksik sa panitikan ng iba't ibang **etnolingguwistikong grupo** para makaambag sa pagbubuo ng **pambansang panitikan** at **kultura**.

**abilang sa fakulti ng DFPP ng mga tanyag na anunulat, batikang iskolar, kritiko sa wika, panitikan, ltura, at lipunang Pilipino.**



## Makipag-ugnayan



Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas
**Kolehiyo ng Arte at Literatura**
**Unibersidad ng Pilipinas**

Palma Hall Silid Blg. 1105
Roxas Avenue, UP Campus
Diliman, Lungsod Quezon 1101

Tel. No. (+632) 981.8500 lokal 2123
dfpp.upd@up.edu.ph

f

facebook.com/**PhilippineStudiesUPDiliman**
facebook.com/dfpp.cal


# Bachelor of Arts Philippine Studies

Unibersidad ng Pilipinas Diliman


**Tara't pag-aralan ang kultura at lipunang Pilipino!**



UP College Admission Test (UPCAT)



# UP DFPP BA PHILIPPINE STUDIES



## \no ang programang
## 3A Philippine Studies?



inalalawak at pinalalalim sa BA hilippine Studies (BAPS) ang mga ag-aaral sa **kultura at lipunang ilipino** na nakaangkla sa mga sapin sa **wika, panitikan, at asaysayan.** Sinasanay ang mga ıag-aaral ng araling Pilipino sa aggamit ng interdisiplinaryong ıpit, perspektiba, at ıetodolohiya sa **pagsusuri** at agtugon sa mga suliraning inakaharap ng sambayanan.



## Pumili ng dalawang major na disiplina!

Dahil interdisiplinaryo ang pagsasanay sa programa, may kalayaan ang estudyante sa pagpili ng **dalawang disiplina sa loob at labas ng Departamento** bilang batayan para sa sariling pananaliksik.

Ilang halimbawang kombinasyon:

**Wika + Anthropology**

Panitikan + Political Science

**Malikhaing Pagsulat + Journalism**



Monico Atienza Lecture Series (MALS) ng Larangan ng Philippine Studies




Presentasyon ng tesis ng mga mag-aaral ng B.A. Philippine Studies

## Admisyon sa programa:

- **SHS graduate:** Pagpasa sa UPCAT
- **Shiftee mula sa UP Diliman at transferee mula sa ibang UP CU:** GWA na 2.25 pataas, interbyu, at eksam
- **Transferee mula sa ibang pamantasan:** GWA na 2.0 pataas, interbyu, at eksam

UP SIKAP (Sandigan para sa Ikauunlad ng Kamalayang maka-Araling Pilipino)





## Mga tema ng pag-aaral at pananaliksik

- Araling etniko at foklor
- Araling midya
- Araling Rizal at pagkamakabayan
- Diskurso at kapangyarihan
- Ekonomiyang pampulitika
- Kulturang popular
- Mga kilusang panlipunan
- Uri, kasarian, etnisidad, at bansa



## Ano ang mga propesyon ng alumni ng B.A. Philippine Studies?

- Guro at mananaliksik sa akademya
- Abogado
- Manunulat, tagasalin, at editor
- Praktisyoner ng midya sa TV, radyo, at pahayagan
- Artista, musikero, at manggagawang kultural
- Tagapamahala ng museo, galeri, at aklatan
- Mambabatas at lingkod-bayan
- Kawani sa mga non-government organization (NGO) at gawaing pagpapaunlad
- Cultural attaché at diplomat
- Administrador ng mga paaralan, pamantasan, at iba pang institusyon